Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa



# PATNUBAY SA MISA

28 Disyembre 2025 Kapistahan ng Banal na Mag-anak Hesus, Maria at Jose Taon A

## *Ang Mag-Anak na Pinapangarap Nating Lahat*



*Ang ating mag-anak ay ang ating "munting daigdig" – kung saan tayo panatag. Ito ang kapaligiran kung saan tayo unang nakadama ng pagmamahal at kung saan din tayo natutong magmahal.*

*Kaya nga lamang, sa ating panahon, ang pangarap ng isang masaya at tapat na mag-anak ay kadalasang nasisira ng pagkamakasarili, selos, pagmamataas, at kawalan ng pananagutan.*

*Ang pagdiriwang ng Kapistahan ng Banal na Mag-anak ay muling naghaharap sa atin ng kagandahan ng pangarap ng nagkakaisa at masayang mag-anak at ng mga paraan ng pagpapatunay rito sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mensahe ng Salita ng Diyos. Ang halimbawa nina Mariang Kabanal-banalan at Jose at ang turo ni Pablo nawa'y maging inspirasyon natin upang ang ating mga mag-anak ay maging tulad ng pinapangarap natin at hinahangad ng Diyos para sa kanila.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Mga pastol nagsidalaw**
**kay Hesus na bagong silang,**
**nakahiga sa sabsaban,**
**kapiling n'ya'y ang magulang**
**na Maria't Joseng banal.**

***(Lc 2, 16)***

### Pagbati

***P*–**Ang biyaya at kapayapaang buhat sa ating Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

***B*– At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P*–** Natitipon bilang pamilya ng Diyos, tayo'y buong tiwalang manalangin para sa kanyang pagpapatawad, lalung-lalo na para sa mga pagkakasala natin sa ating mga kamag-anak. *(Tumahimik sandali.)*

***P*–**Panginoong Hesus, patawarin mo ang aming kawalan ng pasensiya, paggalang, at kalinga sa aming mga kamag-anak. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*–**Panginoong Hesus, patawarin mo ang kapabayaan naming magdasal na kasama ng aming mga mag-anak. Kristo, kaawaan mo kami.

***B*–Kristo, kaawaan mo kami.**

***P*–**Panginoong Hesus, patawarin mo ang aming kawalan ng malasakit sa kapakanan at kapayapaan ng lalong malaking pamilya namin, ang aming parokya. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*–Amen.**

### Papuri

***B*–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

### Panalanging Pambungad

***P*** **–** Ama naming makapangyarihan, pinagkalooban mo kami ng ulirang huwaran ng angkan, na sina Hesus, Maria at Jose, ang Mag-anak na banal. Sa pagtulad namin sa kanilang mabuting pagsusunuran, kami nawa'y magkamit ng walang maliw na kaligayahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **–Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa

***Sir 3, 3-7. 14-17a***

*Ang mapitagang pakikitungo ng kabataan sa kanilang mga magulang ay isa sa mga bumubuo ng isang masayang mag-anak. Gayon ang katotohanang ikinikintal ng anak ni Sirac, ang relihiyosong may-akda ng Unang Pagbasa sa araw na ito.*

Pagbasa mula sa aklat ni Sirac

**Ang mga ama ay binigyan ng Panginoon ng kapangyarihan sa mga anak, at iniutos niya na sundin ng mga anak ang kanilang ina. Ang gumagalang sa kanyang ama'y nagbabayad na sa kanyang kasalanan, at ang nagpaparangal sa kanyang ina'y parang nag-iimpok ng kayamanan. Ang gumagalang sa kanyang ama'y paliligayahin naman ng kanyang mga anak, at ang panalangin niya'y agad diringgin ng Panginoon.**

**Ang nagpaparangal sa kanyang ama at nagdudulot ng kaaliwan sa kanyang ina, ay tumatalima sa Panginoon; pahahabain ng Diyos ang kanyang buhay. Anak, kalingain mo ang iyong ama pag siya'y matanda na, at huwag mo siyang dudulutan ng sama ng loob habang nabubuhay.**

**Pagpaumanhinan mo siya kapag nanlalabo na ang kanyang isip; huwag mo siyang lalapastanganin ngayong nasa kasibulan ka na ng iyong lakas. Ang paglingap mo sa iyong ama ay di makakalimutan ng Panginoon. Iyan ay magiging kabayaran sa iyong mga kasalanan.**


Ang Salita ng Diyos.
***B*** **– Salamat sa Diyos.**

### Salmong Tugunan

***Sal 127, 1-2. 3. 4-5***

***B*** *–Mapalad ang sumusunod*
*na taong may takot sa D'yos.*

*R. M. Velez*




*** Mapalad ang bawa't tao na sa Diyos ay may takot, ang maalab na adhika'y sumunod sa kanyang utos. Hindi siya magkukulang sa anumang kailangan, ang buhay ay maligaya't uunlad ang kanyang buhay. *B.***

*** Sa tahanan, ang asawa'y parang ubas na mabunga. Bagong tanim na olibo sa may dulang ang anak n'ya. *B.***

*** Ang sinuman kung ang Diyos buong pusong susundin, buhay niya ay uunlad at laging pagpapalain. Mula sa Sion, pagpapala nawa ng Diyos ay tanggapin, at makita habang buhay, pag-unlad ng Jerusalem. *B.***

### Ikalawang Pagbasa *Col 3, 12-21*

*Pagmamahalan, paggalang, at malasakit sa isa't isa ang mga katangiang dapat taglayin ng bawat Kristiyanong mag-anak. Ganito ang naghahamong mensahe ni San Pablo sa mga mananampalataya ng lahat ng panahon.*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Colosas

**Mga kapatid: Kayo'y hinirang ng Diyos, itinalaga para sa kanya at minamahal niya. Kaya't dapat kayong maging mahabagin, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at matiisin. Magpaumanhinan kayo at magpatawaran kung may hinanakit kayo sa isa't isa. Pinatawad kayo ng Panginoon kaya't magpatawad din kayo. At higit sa lahat, mag-ibigan kayo pagka't ito ang buklod ng ganap na pagkakaisa. At paghariin ninyo sa inyong puso ang kapayapaang kaloob ni Kristo, sapagkat ito ang dahilan kaya kayo tinawag upang maging bahagi ng isang katawan. Magpasalamat kayong lagi. Ang mga salita ni Kristo ay itanim ninyong mabuti sa inyong isip. Magpaalalahanan kayo at magturuan nang buong kaalaman. Umawit kayo ng mga salmo, mga imno, at mga awiting espirituwal, na may pagpapasalamat sa Diyos. At anuman ang gagawin ninyo, maging sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Hesus, at sa pamamagitan niya'y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.**

**Mga babae, pasakop kayo sa inyu-inyong asawa, sapagkat iyan ang kalooban ng Panginoon.**

**Mga lalaki, ibigin ninyo ang inyu-inyong asawa, at huwag silang pagmamalupitan.**

**Mga anak, sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang, sapagka't ikinalulugod iyan ng Panginoon.**

**Mga ama, huwag ninyong kagagalitan nang labis ang inyong mga anak, at baka manghina ang kanilang loob.**

Ang Salita ng Diyos.
***B*** **–Salamat sa Diyos.**

### Aleluya *Col 3, 15a.16a*

***B*** **–Aleluya! Aleluya!**
**Kapayapaan ni Kristo at**
**Salita n'yang totoo,**
**nawa'y manahan sa inyo.**
**Aleluya! Aleluya!**

### Mabuting Balita

***Mt 2, 13-15. 19-23***

*Ang mga kahirapan ay mahigpit na pagsubok kahit sa pinakamabubuting mag-*

*anak. Ang kanilang lakas ay nagmumula sa pananalig sa Diyos at sa pagsunod sa Kanyang kalooban—ito ang mensaheng ipinapakita sa atin ng Banal na Mag-anak nang sila'y tumakas patungong Egipto sa gitna ng pag-uusig.*

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.
***B*** –**At sumaiyo rin.**
***P*** –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
***B*** –**Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Pagkaalis ng mga Pantas, napakita kay Jose sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sinabi sa kanya, "Magbangon ka, dalhin mo agad sa Egipto ang mag-ina. At huwag kayong aalis doon hangga't hindi ko sinasabi sa iyo, sapagkat hahanapin ni Herodes ang sanggol upang patayin." Kaya, dali-daling bumangon si Jose at nang gabing iyo'y dinala sa Egipto ang mag-ina. Doon sila tumira hanggang sa mamatay si Herodes.**

**Nangyari ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, "Tinawag ko ang aking Anak mula sa Egipto."**

**Pagkamatay ni Herodes, isang anghel ng Panginoon ang napakita sa panaginip kay Jose sa Egipto. "Magbangon ka," sabi sa kanya, "iuwi mo na sa Israel ang mag-ina, sapagkat patay na ang nagtangka sa buhay ng bata." Nagbangon siya at iniuwi nga sa Israel ang mag-ina.**

**Ngunit nang mabalitaan niyang si Arquelao ang naghahari sa Judea, kahalili ng kanyang amang si Herodes, siya'y natakot na pumunta roon. Muli siyang sinabihan sa panaginip, kaya't nagtungo siya sa Galilea. Sa Nazaret sila nanirahan upang matupad ang sinabi ng mga propeta, "Siya'y tatawaging Nazareno."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
***B*** –**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B***– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

## Panalangin ng Bayan

***P***–Taglay ang pananalig sa Panginoong humirang sa ating maging kasapi ng isang Kristiyanong mag-anak at ng Simbahan, tayo'y manalangin para sa lahat ng mag-anak sa sanlibutan habang sinasabi nating:

***B*** – **Panginoon, gawin Mo kaming isang pamilyang tapat sa Iyo.**

* Para sa malaking mag-anak ng Simbahan: nawa magtamasa ang kanyang mga pinuno at mga kasapi ng pagkalinga nina Hesus, Maria, at Jose. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga mag-anak ng sangkatauhan: nawa matutong mamuhay ang mga tao ng lahat ng lahi at kultura nang may paggalang sa isa't isa. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga Pilipinong mag-anak: nawa ang kanilang Kristiyanong pananampalataya at pagtulong ng buong pamayanan ay magpapanatili sa kanilang pagkakaisa at pagkakasundo. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga pamilya ng mga nangibang bayan: nawa mapahalagahan ng kanilang mga kamag-anak ang kanilang pananampalataya at pagkakaisa, sa kabila ng kanilang pagkakalayo sa isa't isa. Manalangin tayo. ***B.***

***P*** –Panginoong Diyos, pagpalain Mo ang lahat ng mag-anak sa sanlibutan. Tulutan Mong mapalapit sa Iyo at sa isa't isa ang lahat ng kasapi ng bawat mag-anak at ingatan Mo sila sa Iyong kapayapaan at pagmamahal sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.
***B*** –**Amen.**

***P***– Manalangin kayo . . .
***B***– **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay, sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P***– Ama naming Lumikha, sa pagganap namin sa hain ng pakikipagkasundo, kami nawa'y tuwangan ng Mahal na Birhen at ni San Jose sa aming pagdalangin para maging matatag ang mga mag-anak sa iyong kagandahang-loob at kapayapaan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B***– **Amen.**

## Prepasyo ng Pasko II

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.
***B*** –**At sumaiyo rin.**
***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
***B*** –**Itinaas na namin sa Panginoon.**
***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
***B*** –**Marapat na siya ay pasalamatan.**
***P***– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Dating lingid sa ami'y naging hayag na kapiling. Dating kapiling mong ngayo'y naging kapwa namin. Sa amin ay nakikisama siyang mabuti upang sa piling mo ay maitampok niya kami. Ang sangkatauhang nawalay sa iyo noon ay kanyang ipinipisang muli sa iyo ngayon upang ang napinsala noong sanlibutan ay magkaroon ngayon ng bagong kaayusan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*–Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B*– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
*P*– Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P*– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang Poong D'yos nating mahal**
**ay nakitang nananahan**
**dito sa lupang ibabaw.**
**S'ya'y kaisa at kapisan**
**ng buong sangkatauhan.**
***(Bar 3, 37)***

### Panalangin Pagkapakinabang

*P*– Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang sa piging na banal ay gawin mong makapamuhay gaya ng Banal na Mag-anak. Matapos naming pangatawanan ang aming mga pananagutan sa lupang ibabaw, kami nawa'y makasalo sa kanilang kasiyahan sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen.**

## PAGWAWAKAS

*P*– Sumainyo ang Panginoon.
***B*– At sumaiyo rin.**

*P*–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*


–Pagbuklurin nawa ng Panginoon ng Pag-ibig ang inyong mga mag-anak sa kapayapaan at paglilingkod sa isa't isa.
***B*– Amen.**

*P*–Tulutan Niya nawa kayong magtulungan, lalo na sa panahon ng mga pagsubok.
***B*– Amen.**

*P*–Pagkalooban Niya nawa kayo at lahat ng miyembro ng inyong mag-anak ng kalusugan, katatagan sa kabuhayan, at kabanalan.
***B*– Amen.**

*P*–Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B*– Amen.**

*P*–Humayo kayo sa kapayapaan at paglingkuran ninyo ang Panginoon, lalo na sa inyong mga kapamilya.
***B*– Salamat sa Diyos.**




WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# MULING PAGTUKLAS SA KAHALAGAHAN NG MAG-ANAK

Ang Banal na Mag-Anak nina Hesus, Maria, at Jose ay isang karaniwang mag-anak na marunong magtiis ng hirap, pagdarahop, at mga pagsubok. Napanatili nila ang pagkakaisa sa pamamagitan ng awa, kababaang-loob, pagtitiyaga, at kabutihan. Sa ganitong paraan, isinabuhay nila ang tunay na diwa ng pagmamahalan—tapat, mapagkumbaba, at hindi makasarili.

Ngunit ang kanilang pagmamahalan ay tumibay dahil ito ay nakaugat sa kanilang matatag na pananampalataya at pagmamahal sa Diyos. Siya ang naging sentro ng kanilang buhay at pinagmulan ng kanilang pag-asa at lakas. Dahil dito, ang Banal na Mag-Anak ay naging huwaran ng pagkakaisa at kabanalan, bagay na madalas ay kulang sa maraming pamilya ngayon na pinaghaharian ng inggitan, samaan ng loob, at paglayo sa Diyos.

Ang tunay na pagkakaisa sa pamilya ay nagmumula lamang sa pananatili ng Diyos sa kanilang gitna. Ang mag-anak na sama-samang nagdarasal, nagkakasundo, at nagtutulungan ay nagiging "munting simbahan" kung saan namamayani ang kapayapaan at pag-ibig. Kaya't ang pagdiriwang ng Kapistahan ng Banal na Mag-Anak ay isang paanyaya sa lahat ng pamilya na tularan sila—maging tahanan ng pagmamahalan, pananampalataya, at pagkakaisang nakaugat sa Diyos.

***Jess P. Balon***